



Pag-uunawa sa Karagdagang Tulong (Extra Help) sa Inyong plan para sa Iniresetang Gamot ng Medicare

Ano ang nasa loob

Ano ang mga gastusin sa Karagdagang Tulong (Extra Help) sa plan para sa iniresetang gamot ng Medicare?	1
Mga pinagkukuhanan ng pera at kita	2
Pag-a-apply para sa Karagdagang Tulong (Extra Help)	3
Multa sa Huling Pagpapa-enroll	3
Kung kayo ay isang American Indian o Katutubong Taga-Alaska	5
Kung kayo ay miyembro ng pamilya, tagapag-alaga o iba pang ikatlong panig	5
Paano ako makakapili ng isang partikular na plan?	6
Makakatulong ba ang mga ahensya ng estado sa mga gastusin sa Medicare?	7
Pag-aapela sa desisyon	7
Paano ako makakakuha ng mas maraming impormasyon?	8
Pakikipag-ugnayan sa Social Security	9

Ano ang mga gastusin sa Karagdagang Tulong (Extra Help) sa plan para sa iniresetang gamot ng Medicare?

Sinumang may Medicare ay maaaring makakuha ng pagkakasakop para sa iniresetang gamot ng Medicare. Ang ilang mga tao na may limitadong pinagkukuhanan ng pera at limitadong kita ay maaari rin makakuha ng Karagdagang Tulong (Extra Help) na may

gastusin — buwanang premium o hulog, taunang maibabawas na halaga, at mga co-payment (hati sa pagbabayad) sa reseta — na may kaugnayan sa plan para sa iniresetang gamot ng Medicare. Ang Karagdagang Tulong ay tinatantiya na may halagang halos \$4,900 kada taon. Ang karamihan ay kuwalipikado para dito sa malaking matitipid na halagang ito nang hindi man lang nila nalalaman. Para malaman kung kayo ay kuwalipikado, kailangang malaman ng Social Security ang halaga ng inyong mga

savings (ipon), mga pamumuhunan, real estate (bukod sa inyong tahanan), at inyong kita. Kailangan namin ang impormasyon tungkol sa inyo at inyong asawa, kung kayo ay kasal at magkasama sa tirahan.

Para matulungan ang Social Security sa pagpapasya kung kayo ay karapat-dapat para sa Karagdagang Tulong (Extra Help), kailangan ninyong magsampa ng isang *Application for Extra Help with Medicare Prescription Drug Plan Costs (Application para sa Karagdagang Tulong (Extra Help) sa Mga Gastusin sa Plan para sa Iniresetang Gamot ng Medicare)* (Form SSA-1020).

Mga pinagkukuhanan ng pera at kita

Ano ang limitasyon sa pinagkukuhanan ng pera?

Para maging kuwalipikado sa Karagdagang Tulong (Extra Help), ang inyong mga pinagkukuhanan ng tulong ay dapat limitado sa \$14,100 para sa isang indibiduwal o \$28,150 para sa mag-asawa na magkasama sa tirahan.

Kabilang sa mga pinagkukuhanan ng tulong ang halaga ng mga bagay-bagay na pagmamay-ari ninyo. Ang ilang mga halimbawa ay:

- Real estate (bukod sa inyong pangunahing tirahan)
- Ang mga bank account kasama ang checking, savings at mga certificate of deposit
- Mga stock
- Mga bonds, kasama ang U.S. Savings Bonds
- Mga mutual fund
- Individual Retirement Accounts (IRAs)
- Cash sa bahay o saanmang lugar

Ano ang hindi kasama bilang isang pinagkukuhanan ng pera?

Hindi namin isinasama ang:

- Inyong pangunahing tirahan;
- Inyong personal na ari-arian;

- Inyong (mga) sasakyan;
- Ang mga pinagkukuhanan ng pera na hindi madaling palitan para maging cash, tulad ng alahas o mga kagamitan sa bahay;
- Ang ari-arian na kailangan ninyo upang masuportahan ang inyong sarili, tulad ng pinauupahan na ari-arian o lupain na ginagamit ninyo sa pagtatanim ng mga gulay para sa pansariling gamit;
- Hindi pang-negosyo na ari-arian na mahalaga sa pagsusuporta ninyo sa inyong sarili;
- Mga polisa ng life insurance;
- Mga gastusin sa pagpapalibing;
- Kinitang interest sa pera na plano ninyong gamitin para sa mga gastusin sa pagpapalibing; at
- Iba pang pera na hawak ninyo ay hindi bibilangin para sa siyam na buwan, tulad ng:
 - mga bayad para sa Retroactive Social Security o Supplemental Security Income (SSI);
 - Tulong sa pabahay;
 - Mga paunang bayad sa buwis at pagsasauli ng bayad mula sa buwis na may kaugnayan sa kinitang mga income tax credit at mga child tax credit;
 - Ang Kompensasyon na natanggap ninyo bilang isang biktima ng krimen; at
 - Tulong sa paglilipat ng bahay mula sa pamahalaan ng estado o lokal na pamahalaan.

Dapat kayong makipag-ugnayan sa Social Security para sa iba pang mga hindi kasama sa pinagkukuhanan ng pera.

Ano ang limitasyon sa kita?

Para maging kuwalipikado sa Karagdagang Tulong (Extra Help), ang inyong mga pinagkukuhanan ng tulong ay dapat limitado sa \$18,210 para sa isang indibiduwal o \$24,690 para sa mag-asawa na magkasama sa tirahan. Kahit na mas mataas ang inyong taunang kita, maaari pa rin kayong makatanggap ng

kaunting tulong. Ang ilang mga halimbawa kung saan maaaring mas mataas ang inyong kita at makakakuha pa rin kayo ng Karagdagang Tulong (Extra Help) ay kung kayo at ang inyong asawa ay:

- Nagbibigay suporta sa iba pang mga miyembro ng pamilya na kasama ninyo sa tirahan
- May mga kita mula sa trabaho
- Nakatira sa Alaska o Hawaii

Ano ang hindi isasali bilang kita?

Hindi lahat ng mga cash na bayad ay maisasama bilang kita. Halimbawa, **hindi namin isinasali:**

- Ang Supplemental Nutrition Assistance Program (food stamps);
- Tulong sa pabahay;
- Tulong para sa enerhiya sa tahanan;
- Medikal na pagpapagamot at mga gamot;
- Tulong kung may naganap na sakuna;
- Kinitang mga bayad para sa credit sa income tax;
- Tulong mula sa iba sa pagbabayad ng inyong mga gastusin sa sambahayan;
- Mga bayad pinsala sa biktima; at
- Mga scholarship at education grant.

Dapat kayong makipag-ugnayan sa Social Security para sa iba pang mga hindi kasama sa kita.

Pag-a-apply para sa Karagdagang Tulong (Extra Help)

Paano ako maga-apply?

Madali lang ang pag-a-apply para sa Karagdagang Tulong (Extra Help). Basta't kumpletuhin ang *Application for Extra Help with Medicare Prescription Drug Plan Costs o Application para sa Karagdagang Tulong (Extra Help) sa Mga Gastusin sa Plan ng Iniresetang Gamot ng Medicare* (Form SSA-1020) ng Social Security. Heto kung paano gawin:

- Mag-apply online sa **www.socialsecurity.gov/extrahelp**;
- Tumwag sa Social Security sa **1-800-772-1213** (TTY **1-800-325-0778**) para makapag-apply sa telepono o humiling ng isang application; o
- Mag-apply sa inyong lokal na tanggapan ng Social Security.

Makalipas ninyong mag-apply, rerepasuhin ng Social Security ang inyong application at magpapadala sa inyo ng liham para sabihin sa inyo kung paano kayo magiging kuwalipikado para sa Karagdagang Tulong (Extra Help). Makalipas kayong maging kuwalipikado, maaari kayong pumili ng plan para sa Iniresetang Gamot ng Medicare. Kung hindi kayo pumili ng plan, gagawin ito para sa inyo ng Centers for Medicare and Medicaid Services. Mas maaga kayong sumali sa isang plan, mas maaaga ang pagsisimula ng pagtanggap ninyo ng mga benepisyo.

Kung hindi kayo karapat-dapat para sa Karagdagang Tulong (Extra Help), maaari pa rin kayong magpa-enroll sa isang plan para sa Iniresetang Gamot ng Medicare.

Multa sa Huling Pagpapa-enroll

Multa para sa plan para sa Iniresetang Gamot ng Medicare

Kung hindi kayo magpa-enroll sa isang plan ng gamot sa Medicare noong kayo ay unang napagpasyahan na karapat-dapat, maaaring kailangan ninyong magbayad ng multa para sa huling pagpapa-enroll kung lumaon ay sumali rin kayo sa plan. Kailangan ninyong bayaran ang multang ito hangga't mayroon kayong sakop sa plan sa iniresetang gamot sa Medicare. Gayunman, hindi ninyo kailangang magbayad ng multa kung kayo ay tumatanggap ng Karagdagang Tulong (Extra Help) o iba pang karapat-dapat na pagkakasakop sa plan sa iniresetang gamot.

TALA: Ang multa para sa huling pagpapa-enroll sa plan para sa Iniresetang Gamot ng Medicare ay iba mula sa Medicare Part B na multa sa huling pagpapa-enroll. Kung hindi kayo magpa-enroll sa Part B nang kayo ay napagpasyahan sa una na karapat-dapat para dito, maaaring kailangan ninyong magbayad ng multa para sa huling pagpapa-enroll hangga't mayroon kayong pagkakasakop sa Part B. At, maaaring kailangan ninyong maghintay para makapag-enroll, na maaaring magpaantala sa pagkakasakop sa Part B.

Para sa impormasyon tungkol sa mga panahon ng pagpapa-enroll, bumisita sa www.medicare.gov o tumawag sa **1-800-MEDICARE (1-800-633-4227; TTY 1-877-486-2048)**.

Bakit ako dapat mag-apply online?

Ang aming online na application ay ligtas at naghahandog ng maraming mga pakinabang para sa inyo. Dinadala kayo nito sa bawat hakbang ng proseso sa pamamagitan ng isang serye ng mga screen na nagbibigay tulong. Ang mga screen na ito ay nagsasabi sa inyo kung anong impormasyon ang kakailanganin ninyo para kumpletuhin ang application at gagabayan kayo sa ganap na pagsasagot ng mga tanong. Maaari kayong mag-apply mula sa anumang computer at sa sarili ninyong panahon. Maaari kayong mag-umpisa at huminto kahit kailan habang isinasagawa ang proseso, kaya't maaari ninyong iwanan ang application at balikan sa susunod na pagkakataon para i-update o kumpletuhin ang alinman sa hinihiling na application. Mag-ingat at protektahan ang inyong personal na impormasyon.

Ano ang kailangan kong alamin?

Ang karamihan sa mga tanong sa application at tungkol sa mga pinagkukuhanan ng pera at kita. Kung kayo ay kasal at kasama ang inyong asawa sa tirahan, kailangan naming malaman ang impormasyong ito tungkol sa inyong dalawa. Ang mga miyembro ng pamilya, mga tagapagalaga at iba pang ikatlong panig ay maaaring

makatulong sa inyong makumpleto ang application na ito. Ang worksheet sa susunod na pahina ay makakatulong sa inyong magpasya kung kayo ay karapat-dapat at makakatulong sa inyong makumpleto ang aktuwal na application para sa Karagdagang Tulong (Extra Help). Ang worksheet ay **hindi** isang application.

Paano ihanda:

- Kilalanin ang mga bagay-bagay na pagmamay-ari ninyo lamang, kasama ang inyong asawa, o kasama ang ibang tao **huwag** isama ang inyong sariling tahanan, mga sasakyan, mga lupang paglilibingan, mga polisa ng life insurance, o mga personal na ari-arian;
- Balikan ang lahat ng inyong kita; at
- Paunang ilikom ang inyong mga rekord para makatipid.

Ang mga kakailanganin ninyong rekord ay:

- Mga pahayag na nagpapakita ng balanse ng inyong account sa mga bangko, mga credit union, o iba pang mga pinansiyal na institusyon;
- Mga pahayag ng pamumuhunan;
- Mga stock certificate;
- Mga tax return (ibinalik na pera mula sa buwis);
- Mga liham ng gantimpala ng pension; at
- Mga payroll slip.

Hindi kami hihingi ng katibayan para bigyang suporta ang impormasyon na inyong ipinagkakaloob, ngunit tutumbasan namin ang inyong impormasyon ng data na available mula sa ibang mga ahensya ng gobyerno para matiyak na wasto ito.

Kailangan namin malaman ang impormasyon tungkol sa inyong (at inyong asawa, kung kayo ay kasal at magkasama sa tirahan) pinagkukuhanan ng pera at kita.

Mga pinagkukuhanan ng pera:	Value
Ang mga bank account kasama ang checking, savings at mga certificate of deposit	\$ _____
Mga Stock, bond, savings bond, mutual fund, individual retirement accounts (IRA), o iba pang mga pamumuhunan	\$ _____
Cash sa bahay o saanmang lugar	\$ _____
Anumang real estate maliban sa inyong tirahan	\$ _____

Kita	Buwanang Halaga
Mga benepisyo sa Social Security	\$ _____
Mga benepisyo mula sa Railroad Retirement	\$ _____
Mga benepisyo bilang beterano	\$ _____
Iba pang mga pension o kinikita sa isang taon	\$ _____
Suporta ng lalaki na pera sa hiniwalayan (dahil sa diborsyo)	\$ _____
Net na kita sa upa	\$ _____
Bayad sa Manggagawa	\$ _____
Iba pang kita (hal. kawalan ng trabaho, pribado o pang-estado na bayad sanhi ng kapansanan)	\$ _____

Kita	Taunang Halaga
Mga suweldo	\$ _____
Net (binawasan na ng buwis) na kita mula sa sariling hanap-buhay	\$ _____

Kung kayo ay isang American Indian o Katutubong Taga-Alaska

Ang mga pahina 2 at 3 ay nagkakaloob ng isang listahan ng mga mapagkukuhanan ng kita at kita na hindi ipapabilang sa mga limitasyon sa pinagkukuhanan ng pera at kita para sa benepisyo ng Karagdagang Tulong (Extra Help). Ang mga American Indian at Katutubong Taga-Alaska ay maaaring may iba pang pagkukuhanan ng kita at kita na hindi isasama.

Halimbawa, **hindi isasama ng Social Security** ang mga sumusunod na pinagkukuhanan ng pera at kita:

- Ang ilang mga distribusyon na natanggap ng isang Katutubong Taga-Alaska mula sa Alaska Native Regional and Village Corporation;
- Lupain na hawak bilang pagtitiwala ng Estados Unidos para sa isang indibiduwal na Indian o tribu;
- Ang mga pondo na hawak bilang pagtitiwala ng Secretary of the Interior para sa isang Indian na tribu at ipinagmigay kada capita sa mga miyembro ng tribu;
- Hanggang \$2,000 kada taon na natanggap ng isang American Indian na pinagkaitan ng mga indibiduwal na interes sa mga trust o mga limitadong lupain; at
- Mga bayad sa mga miyembro ng mga partikular na Indian na tribu tulad nang ipinagkakaloob ng pederal na batas.

Dapat kayong makipag-ugnayan sa Social Security para sa iba pang mga hindi kasama sa pinagkukuhanan ng pera at kita.

Kung kayo ay miyembro ng pamilya, tagapag-alaga o iba pang ikatlong panig

Maaari kayong makatulong sa mga beneficiary ng Medicare na mag-apply para sa Karagdagang Tulong (Extra Help) para sa kanilang mga gastusin sa plan para

sa Iniresetang Gamot ng Medicare. Kung may tinulungan kayo sa isang application, kailangan ninyong sagutin ang mga tanong na tila ang nasabing taong iyon ang sumusulat sa application. Para malaman kung kayo ay karapat-dapat, kailangang malaman ng Social Security ang halaga ng kanyang mga savings (ipon), mga pamumuhunan, real estate (bukod sa inyong tahanan), at pati na rin ang inyong kita. Kailangan namin ang impormasyon kung sinuman ang inyong tinutulungan at ang impormasyon niya o ng kaniyang asawa, kung kayo ay kasal at magkasama sa tirahan. Ang impormasyon sa pahina 4, at worksheet sa pahina 5 ay makakatulong sa inyo sa application.

Maaari ninyong tulungan ang iba na mag-apply para sa Karagdagang Tulong (Extra Help) online sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website o pagtawag sa aming libreng toll na numero para humiling ng *Application for Extra Help with Medicare Prescription Drug Plan Costs (Application para sa Karagdagang Tulong (Extra Help) sa Mga Gastusin sa Plan para sa Iniresetang Gamot ng Medicare)* (Form SSA-1020). Maaari rin kayong bumisita sa inyong lokal na tanggapan ng Social Security para makakuha ng tulong.

Paano ako makakapili ng isang partikular na plan?

Bumisita sa www.medicare.gov, at gamitin ang sumusunod na tools para makatulong sa inyong makapagpasya.

- **Ipagkumpara ang mga plan ng iniresetang gamot ng Medicare** — Maaari kayong makahanap at mapagkumpara ang mga plan para sa iniresetang gamot sa inyong estado na nakakatugon sa inyong mga personal na pangangailangan at makakapag-enroll sa plan para sa iniresetang gamot na inyong napili; at
- **Tagahanap ng Formulary** — Maaari ninyong ilagay ang impormasyon tungkol sa mga partikular na gamot na iniinom o kinukuha

ninyo at makakuha ng impormasyon para matulungan kayo na makahanap ng mga plan sa inyong estado na katugma ng inyong mga pangangailangan sa iniresetang gamot.

Para lubos pang matutunan ang tungkol sa mga plan para sa Iniresetang Gamot ng Medicare at mga panahon para sa espesyal na pagpapa-enroll, mangyari lang bumisita sa www.medicare.gov o tumawag sa **1-800-MEDICARE**.

Ano ang mga salik na dapat kong ikonsidera kapag ipinaghahambing ang mga mapagpipilian sa plan sa gamot ng Medicare?

Pagkakasakop — Masasakop ng mga plan sa gamot ng Medicare ang mga generic at may tatak na gamot. Ang karamihan sa mga plan ay may formulary, na isang listahan ng mga gamot na sakop ng plan. Ang mga gamot na sakop ng mga plan ay maaaring magbago, ngunit ang listahan ay parating dapat makatugon sa mga kahilingan ng Medicare.

Halaga — Ang mga buwanang premium o hulog at inyong bahagi sa mga gastusin na para sa resetang gamot ay mag-iiba iba depende sa plan na inyong pipiliin. Kung kayo ay kuwalipikado para sa Karagdagang Tulong (Extra Help) dahil mayroon kayong limitadong pinagkukuhanan ng pera at limitadong kita, makakatanggap kayo ng tulong sa ilan o lahat ng mga gastusing ito.

Kadalian — Ang mga plan para sa gamot ay dapat nakakontrata sa mga parmasya sa inyong lugar. Tiyakin sa plano para masiguro na ang mga parmasya sa plan ay madali ninyong mapupuntuhan.

Paano ako makakasali sa plan para sa Iniresetang Gamot ng Medicare?

- **Sa website ng plan**—Bumisita sa website ng kompanya ng plan para sa gamot Maaari kayong sumali online;
- **Sa website ng Medicare**—Sumali sa isang plan ng gamot sa www.medicare.gov gamit ang online na enrollment center;

- **Nasa papel na application** — Makipag-ugnayan sa kompanya na naghahandog ng plan para sa gamot na napili ninyo, at humingi ng isang application. Makalipas ninyong sulatan ang form, ipadala sa koreo o i-fax ito pabalik sa kompanya; o
- **Sa pamamagitan ng telepono** — Tumawag sa plan o tumawag sa **1-800-MEDICARE**, at makipag-usap sa isang kinatawan ng customer service.

Makakatulong ba ang mga ahensya ng estado sa mga gastusin sa Medicare?

Kapag inyong isinumite ang inyong application para sa Karagdagang Tulong (Extra Help), maaari rin ninyong simula ang proseso para sa inyong application sa Mga Programa sa Pagtitipid ng Medicare. Ang mga programa ng estado na ito ay makakapagkaloob ng tulong para sa iba pang mga gastusin sa Medicare. Padadalhan kayo ng impormasyon ng Social Security sa inyong estado maliban na lang kung sabihin ninyo sa amin na huwag gawin ito sa application para sa Karagdagang Tulong (Extra Help). Makikipag-ugnayan sa inyo ang inyong estado para tulungan kayong mag-apply para sa Programa sa Pagtitipid ng Medicare.

Ang Mga Programa sa Pagtitipid ng Medicare na ito ay nakakatulong sa mga tao na may limitadong pinagkukuhanan ng pera at kita na mabayaran ang kanilang mga gastusin sa Medicare. Ang Mga Programa sa Pagtitipid ng Medicare ay makakatulong na bayaran ang inyong mga premium o hulog para sa Medicare Part B (medikal na insurance). Para sa iba, ang Mga Programa sa Pagtitipid ng Medicare ay maaari rin bayaran ang Medicare Part A (insurance sa ospital) na mga premium o hulog, kung mayroon man, at mga maibabawas na halaga at mga co-payment para sa Part A at B.

Ang Medicaid o medikal na tulong ay isang pinagsamang programa ng pederal at estado na tumutulong bayaran ang mga medikal na gastusin para sa ibang mga tao na may limitadong pinagkukuhanan ng pera at kita. May

iba't ibang tuntunin ang bawat estado tungkol sa pagiging karapat-dapat at pag-a-apply para sa Medicaid. Makipag-ugnayan sa inyong tanggapan ng Medicaid para sa karagdagang impormasyon.

Pag-aapela sa desisyon

Ano ang magagawa ko kung ako ay di sumang-ayon sa impormasyong ginamit para mapagpasyahan ang aking pagiging karapat-dapat?

Padadalhan kayo ng Social Security ng isang abiso ng pauna sa desisyon kung ipinapakita sa impormasyon sa aming mga rekord na kayo ay karapat-dapat para sa Karagdagang Tulong (Extra Help). Kung hindi ninyo nauunawaan ang abiso, tumawag sa amin sa **1-800-772-1213**, at ipapaliwanag namin ito sa inyo. Kung di kayo sumasang-ayon sa impormasyon na nasa amin, tumawag sa numero na nakasaad sa itaas o bumisita sa inyong lokal na tanggapan ng Social Security sa loob ng 10 araw mula nang matanggap ang abiso pauna sa desisyon, at ibigay sa amin ang wastong impormasyon.

Ipapadala namin sa inyo ang panghuling pasya kung hindi kayo magbigay sa amin ng anumang karagdagang impormasyon sa loob ng 10 araw. Ipapaliwanag nito kung ano ang dapat ninyong gawin kung hindi kayo sumang-ayon sa panghuling pasya. Tinatawag namin ito na isang apela.

Paano ako makakapagsampa ng apela sa panghuling pagpapasya na ginawa sa aking application para sa Karagdagang Tulong (Extra Help)?

Kung nais ninyong magsampa ng apela sa ginawang pasya ng Social Security tungkol sa inyong pagiging karapat-dapat para sa Karagdagang Tulong (Extra Help) sa mga gastusin sa plan para sa Iniresetang Gamot ng Medicare, bumisita sa aming website, o tumawag sa amin at humingi ng isang *Appeal of Determination for Extra Help with Medicare Prescription Drug Plan Costs* o *Apela sa Pagpapasya sa Karagdagang Tulong (Extra*

Help) sa Mga Gastusin sa Plan para sa Iniresetang Gamot ng Medicare (Form SSA-1021). Maaari ninyong ipadala sa koreo ang kahilingan sa Wilkes-Barre Data Operations Center, P.O. Box 1030, Wilkes-Barre, PA 18767-1030. Maaari rin kayong bumisita sa inyong lokal na tanggapan ng Social Security.

Ano ang mangyayari kung ako ay magsampa ng apela?

Kapag humiling kayo ng apela, hihilingin namin sa inyong sabihin sa amin kung bakit sa palagay ninyo na mali ang desisyon. Karaniwan, kami ay magtatakda ng isang appointment para sa isang pagdinig para repasuhin ang inyong kaso sa pamamagitan ng telepono. Para matakda ang isang appointment sa pagdinig, tatanungin namin sa inyo ang dalawang mga pinipiling oras para matawagan namin kayo. Tapos, magpapadala kami sa inyo ng abiso ng appointment para sa pagdinig na ipapaalam sa inyo ang oras at petsa na naka-schedule para sa inyong pagdinig.

Kung piliin ninyong hindi makilahok sa pagdinig sa pamamagitan ng telepono, pagpapasyahan namin ang inyong kaso sa pamamagitan ng pagbabasa sa impormasyon na mayroon kami sa file, at anumang bagong impormasyon na naibigay ninyo sa amin, para matiyak na makapagsagawa kami ng maayos na desisyon. Tinatawag namin ito na isang pagdinig ayon sa pagrerepaso ng kaso.

Kung humiling kayo ng isang pagdinig sa pamamagitan ng telepono, o pagdinig ayon sa pagrerepaso ng kaso, padadalhan namin kayo ng isa pang abiso sa sandaling makumpleto na namin ang kinakailangang mga gawain sa inyong claim.

Mayroon bang takdang panahon para sa pagsasampa ng apela?

Mayroon kayong 60 araw mula sa petsa nang matanggap ninyo ang abiso na nagsasabi sa inyo tungkol sa aming desisyon para humiling ng isang pag-apela. Kung hindi kayo makapaghain ng apela sa loob ng 60 araw, maaaring mawala ang inyong karapatan sa apela, at magiging

panghuli na ang desisyon. Kung mayroon kayong mabuting dahilan sa hindi pag-aapela ng inyong kaso sa loob ng tinakdang panahon, maaari namin kayong bigyan ng karagdang panahon. Maaari ninyong hilinging patagalin ang takdang panahon sa pamamagitan ng pagtawag sa amin sa **1-800-772-1213**.

Maaari ba akong humingi ng tulong para humiling ng isang apela?

Maaari ninyong piliin na may tumulong sa inyo sa inyong apela o para maging kinatawan ninyo. Maaaring ninyong kunin na kinatawan ang isang abogado o iba pang kuwalipikadong tao na kilala kayo at may kaalaman sa programa ng Social Security. Kami ay makikipagtrabaho sa inyong kinatawan tulad nang pakikipagtrabaho namin sa inyo. Maaaring siyang kumilos sa ngalan ninyo sa karamihan ng mga paksa tungkol sa Social Security.

Paano kung ako ay hindi sumang-ayon sa desisyon?

Kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon ng Social Security sa inyong apela, maaari kayong magsampa ng isang demanda sa pederal na korte ng distrito. Ang liham na ipapadala namin sa inyo tungkol sa desisyon sa inyong apela ay magsasabi rin sa inyo kung paano hilingin sa korte na tingnan ang inyong kaso.

Paano ako makakakuha ng mas maraming impormasyon?

Para sa karagdang impormasyon sa pagtatangka ng Karagdang Tulong (Extra Help) sa inyong mga gastusin sa plan para sa Iniresetang Gamot ng Medicare, bumisita sa **www.socialsecurity.gov/extrahelp**, o tumawag sa Social Security. Ang mga kinatawan ng Social Services ay available para tulungan kayong makumpleto ang inyong application. Mas maaga kayong mag-apply, mas maaaga kayong makakatanggap ng mga benepisyo.

Kung kailangan ninyo ng impormasyon tungkol sa Mga Programa sa Pagtitipid ng Medicare, mga plan para sa Iniresetang Gamot ng

Medicare, kung paano mag-enroll sa isang plan, o kung paano humiling ng isang kopya ng *Medicare & You* na aklat-gabay, mangyari lang bumisita sa www.medicare.gov o tumawag sa **1-800-MEDICARE**. Ang inyong State Health Insurance Counseling and Assistance Program (SHIP) ay makakatulong rin sa inyong sagutin ang inyong mga katanungan tungkol sa Medicare. Maaari ninyong mahanap ang inyong lokal na impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa SHIP sa likuran ng inyong aklat-gabay sa Medicare, at online sa www.medicare.gov, o maaari ninyong hilingin ito kapag tumawag kayo.

Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa www.socialsecurity.gov. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification letter (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;

- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.



Securing today
and tomorrow

Social Security Administration
Publication No. 05-10508-TL | February 2018
Pag-uunawa sa Karagdagang Tulong (Extra Help) sa Inyong plan para sa Iniresetang Gamot ng Medicare
Understanding The Extra Help With Your Medicare Prescription Drug Plan (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito